*MALAY 36(2) Hunyo 2024, pp. 1-17*

# Pagkakawalay Pampolitika at Kawalan ng Kapangyarihan: Politika’t Pagkamamamayan sa Pilipinas /

# *Political Alienation and Disempowerment: Politics and Citizenship in the Philippines*

Anthony Lawrence A. Borja
Pamantasang De La Salle
anthony.borja@dlsu.edu.ph

Ang demokratisasyon sa Pilipinas ay binababagabag ng mga aninong bumabalot sa mga mamamayan nito. Isa na dito ang kawalan ng kapangyarihang politikal na pawang nagbubukod at nagbubuklod sa mga ordinaryong mamamayan. Sila ay nawalay na sa politika, di lamang sa kanilang mga saloobin kundi pati na rin sa kanilang gawi. Mababa ang palagay nila sa kanilang pagiging mamamayan habang sa eleksiyon lamang sila malimit makilahok. Batay sa mga pangunahing obserbasyon na ito, aking ilalapat ang isang balangkas ng pagkakawalay pampolitika sa Pilipinas. Bilang gabay, susuriin ko ang mga katangian at dimensiyon ng pagkakawalay pampolitika’t kawalan ng kapangyarihan sa Pilipinas. Aking ipinapanukala na ang pagkakawalay pampolitika ay tumutukoy sa isang kondisyon, ugnayan, at proseso kung saan naniniwala ang isang mamamayan na hindi na niya kayang kontrolin at lubos na unawain ang mga usapin at gawaing pampubliko. Bukod pa rito, ang pagkakawalay na ito ay kaugnay ng di paglahok ng isang mamamayan sa mga gawaing pampolitika kahit na kinikilala niyang may epekto ang politika sa kaniyang pang-araw-araw na pamumuhay.

**Mga Susing Salita:** Alienation; Demokratisasyon; Kapangyarihan; Pagkamamamayan

*Democratization in the Philippines is troubled by shadows looming over its citizens, and one is political powerlessness that appears to be a force that both separates and binds citizens together. Many are alienated from politics in terms of both their cognition and their behavior. They don’t see themselves as effective political actors and their direct political engagements are more or less reduced to elections. Based on these preliminary observations I will lay down a framework for political alienation in the Philippines. In doing so, I will analyze the characteristics and dimensions of political alienation and disempowerment. I argue that political alienation refers to a condition, a relationship, and a process wherein citizens believe that they could neither control nor fully understand public issues and activities. Furthermore, political alienation is related to political inaction even if the inactive consider politics as having an impact on their everyday lives.*

***Keywords:*** *Alienation; Citizenship; Democratization; Disempowerment; Political Alienation*

Copyright © 2024 by De La Salle University

## PANIMULA

Sa kaniyang pagsusuri ukol sa demokratisasyon sa Pilipinas, ipinakita ni Curato ang pangangailangang usisain, di lamang ang mga depekto ng demokrasyang Pilipino kundi pati na rin ang mga kasalukuyang oportunidad at espasyo para sa matatawag na *deliberative democracy* ("An Uneven Trajectory" 120–24). Ang gawaing political na ito ay ang pagbibigay-buhay sa demokrasya sa pamamagitan ng sama-samang pag-uusap at pagmumuni-muni ukol sa mga usapin at isyung pampubliko. Bagama't hindi ko na lubos na hihimayin ang balangkas ng deliberative democracy, may isang punto na mula sa mga akda ni Curato ang aking tutugunan para mailatag ko ang rasyonal ng aking pagsusuri.

Kahit na naaayong tingnan ang mga kasalukuyang oportunidad para paunlarin at palalimin ang demokratisasyon sa Pilipinas (Curato, "An Uneven Trajectory" 123), ang proyektong ito ay hindi lamang sa antas ng mga estruktura't institusyon. Sa halip, ito ay usapin din ng sikolohiyang politikal—mga pananaw, paniniwala't gawi ng mga mamamayan, lalo na ang nakararaming nananatiling labas sa mga espasyo ng deliberasyong politikal. Ito ang isang dimensiyon na pawang ipinalagay lamang imbes na himayin ni Curato nang kaniyang dinalumat ang *deliberative capacity* sa antas ng sistemang politikal ("Deliverative Capacity" 103–04). Kahit na kaniyang kinilala ang mga maaari't nararapat na epekto sa gawi, kaisipan, at kakayahan ng mga nakikilahok sa deliberasyong demokratiko, pawang hindi niya lubos na nabigyang pansin ang mga napagkaitan ng kapangyarihan na nananatiling tahimik at di nakikilahok sa mga di-elektoral na gawaing politikal.

Mula sa puntong ito nagmumula ang aking pag-uusisa sa mga kalagayang politikal sa antas ng sikolohiya ng mga mamamayan. Subalit imbes na talakayin ang ugnayan ng estado't lipunang sibil tulad ng ginawa ni Curato, titingnan ko ang kanilang pagkakawalay sa isa't isa. Kung ating haharapin ang hamon ng demokratisasyon, kailangan nating isaalang-alang, di lamang ang mga balakid at oportunidad sa lebel ng sistema, estruktura, at institusyon kundi pati na rin ang mga nakagawian ng mga mamamayang hindi kasama sa mga espasyo ng deliberasyon. Ito ay dahil sa usapin ng demokratisasyon, hindi natin maiiwasan ang usapin ng pagkamamayan (Schneider at Schmitter 62) at ang mga tahimik at napagkaitan ng kakayahang hubugin ang daloy ng pamamahala (Gray 474–77).

Bilang tugon sa ideya ng demokratisasyon bilang paglapit ng pamamahala sa mga ordinaryong mamamayan para sa isang sistema ng sama-sama't sariling pamamahala (O'Flynn at Curato 299), aking sasagutin ang tanong, ano ang mga katangian ng pagkakawalay pampolitika sa Pilipinas? Upang linawin nang maigi't sagutin ang tanong na ito, may tatlong layunin ang pag-aaral na ito. Una, ilalatag ko ang konsepto ng pagkakawalay pampolitika at ang mga isyu't kaugnayang bumubuo dito. Aking ipinapanukala na ang pagkakawalay pampolitika ay tumutukoy sa *isang kondisyon, ugnayan, at proseso kung saan naniniwala ang isang mamamayan na hindi na niya kayang unawain at kontrolin ang mga usapin at gawaing pampubliko.* Bukod pa rito, ang pagkakawalay na ito'y kaugnay ng *di paglahok ng isang mamamayan sa mga gawaing pampolitika kahit na kinikilala niyang may epekto ang politika sa kaniyang pang-araw-araw na pamumuhay*. Sa madaling salita ay sinukuan na nila ang mga gawaing pampubliko na hindi na nila kayang unawain o kontrolin kahit na alam nilang mahalaga ang mga ito sa kanilang pamumuhay (hal. seguridad, paghahanapbuhay, atbp.).

Ikalawa, sisiyasatin ko ang ugnayan ng pagkakawalay pampolitika sa kawalan ng kapangyarihan. Para sa hangaring ito, aking bibisitahin ang konsepto ng pagmamasid o *spectatorship.* Sa pamamagitan nito ay mabibigyang linaw natin ang kalikasan ng pagkakawalay sa antas ng sikolohiya (ang interaksiyon ng pananaw at politika bilang *spectacle*).

Ikatlo, susukatin ko ang pangkalahatang pagkakawalay pampolitika't kawalan ng kapangyarihang dinaranas ng mga ordinaryong Pilipino sa pamamagitan ng datos mula sa *Asia Barometer Survey* (mula 2005–2018).[1] Ang daloy ng akdang ito ay batay sa magkakasunod na layuning ito, at ang susunod na bahagi ay isang panimulang pagtatangkang isalin ang *political alenation* bilang pagkakawalay pampolitika.

### *Pagsasalin sa Political Alienation*

Matagal nang nakatanim sa kaisipang politikal ng mga ordinaryong Pilipino ang pagiging tengang kawali ng gobyerno sa hinaing ng mga ordinaryong mamamayan. Bukod pa rito, sa labas ng eleksiyon, ang politika'y pawang malayo para sa nakararami. Maliban sa iilang gawaing lokal o sa pagitan ng pamahalaan at mga organisasyong sibil na naghihikayat sa mga mamamayang makilahok sa mga usaping politikal (hal.

konsultasyong pampubliko, *participatory governance*) (Curato, "An Uneven Trajectory" 125–29), ang politika para sa nakararami'y pawang isang panoorin lamang; isang palabas na di nila kayang panghawakan, kontrolin, o maimpluwensiyahan kahit na alam nilang may epekto ito sa kanilang pamumuhay.

Sa mga dahilang ito nakabatay ang aking layunin na isa-Pilipino ang konsepto ng political alienation para mabigyang linaw ang katangian ng mga proseso't relasyong bumubuo sa bangin na namamagitan sa politika at sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga karaniwang mamamayan. Bago ko ilapat ang pagsasalin sa konsepto ng political alienation magbibigay muna ako ng maikling pagsiyasat ng mga kasalukuyang teorya ng alienation at political alienation bilang basehan ng sarili kong pagdalumat sa konsepto ng pagkakawalay pampolitika.[2] Bukod pa rito, aking ipaliliwanag kung bakit ako'y lumayo sa kasalukuyang paggamit sa salitang alyenasyon.

*Alienation: Dalawang Modelo*

Mula sa kaisipang Marxista, ang *alienation* ay tumutukoy sa pagkakahiwalay ng tao, hindi lamang sa mga bunga ng kaniyang mga gawain kundi pati na rin sa kaniyang pagkatao at likas bilang tao (Fischer, 38–41; Fromm, *Marx's Concept of Man* 43–58; Marx 67–83; Ollman, *Alienation* 132). Bukod pa sa *estrangement* o pagkakahiwalay, ang alienation din ay ukol sa sariling lohiko't pagkilos ng isang *alien object* na labas sa kontrol ng mga taong gumawa o pinagmulan nito kahit na sila ay patuloy na nakaugnay sa mga bagay na ito. Para kay San Juan Jr. ito ay kondisyong panlipunan "kung saan ang tao/indibidwal ay waring instrumento ng mga produktong yari ng kolektibong lakas" habang naging "makapangyarihan din ang mga institusyong humiwalay sa kontrol ng tao, pati mga estrukturang gumagabay sa lipunan na likha ng kolektibo" (14). Batay sa mga ito, ang *disalienation* ay maituturing na pag-angkin ng isang tao sa mga naging bunga ng kaniyang gawain, at ang pagbalik sa kaniyang kakanyahan o pagkataong malaya at malikhain. May isang paksa akong huhugutin sa pagkakaunawang ito, at ito ay ang mga katangian ng isang *alienated* na pamumuhay at mga kaugnay.

Ano ang kondisyon ng mga taong *alienated* o *politically alienated*? May dalawang uri ng balangkas ang maaaring gamitin sa pagsisiyasat. Una ay mga modelong istatik na maaaring magsilbing talaan para sa iba't ibang paggamit sa salitang *alienation* (Kalekin-Fishman at Langman 918–24). Ang pangunahing hangarin sa likod nito ay ang pangangailangang dalumatin ang alienation nang labas sa mga ideolohiya't doktrinang politikal. Kung akma man ang hangaring ito ay labas na sa kasalukuyang akda. Ang masasabi ko lang ay ang distansiyang ito, kahit na panandalian, ay naging oportunidad para himayin ang mga dimensiyon, katangian, at manipestasyon ng alienation imbes na daglian lamang itong ikondena.

Para sa mga modelong istatik, ang alienation ay maaring ituring bilang sikolohikal at sosyolohikal na kondisyon ng mga indibidwal at mga kaugnayan nila sa isa't isa at sa mga bagay na itinuturing nilang alienated. Mula sa pananaw ng sikolohiya, kawalan ng kapangyarihan (*powerlessness*), saysay (*meaninglessness*), at kaugnayan sa iba (*isolation*) ang mga pangunahing katangian ng alienation (Seeman, "On the meaning of alienation" 784–88, "Alienation Studies" 93–4; Dean, 756–58; Finifter, 390–91). Bukod pa rito, dahil likas na limitado ang lebel ng indibidwal at hindi palagiang magkakapantay sa mga empirikong pag-aaral ng mga kondisyong sikolohikal, dapat ding unawain ang alienation bilang isang uri ng kaugnayan (sa mga kapuwa nila at sa mga naging bunga ng kanilang mga gawain).

Para kay Fischer (42), ang alienation ay isang kondisyon na hindi niya nakikita na ang mga pagkakaugnay (*interdependence*) sa pagitan niya, mga ugnayan niya sa iba, at ang mga naging bunga ng kaniyang mga gawain. Para naman kay Overend (308–10) may iba't ibang uri't pagkakaunawa sa alienation batay sa kung ano at kanino alienated ang isang tao. Sa kabuuan, ipakikita kong mas naaayon na unawain ang alienation bilang isang kondisyon *at* uri ng ugnayan; dalawang bagay na napapailalim sa alienation bilang isang proseso.

Ikalawa at kaugnay ng nahuling komento, ang alienation para sa modelong *dynamic* o *processual* ay hindi lamang isang kondisyong nararanasan ng isang tao kundi isang proseso na siya ay patuloy na napapaloob. Ayon kay Twining (422–25) ang alienation ay isang prosesong panlipunang binubuo ng mga kondisyong sikolohikal at mga ugnayan ng isang tao, ng kaniyang mga kapuwa, at ng mga estruktura at kalagayang bumubuo sa lipunang kaniyang kinabibilangan.

Para naman kay Jaeggi (36–7) ang alienation ay isang nahadlangan o kinulang na pag-angkin (*appropriation*) sa isang bagay na nareipika (*reification*). Ang pag-

angkin ay tumutukoy sa bawat ugnayan at gawain ng isang tao na maaaring magbigay sa kaniya ng kahulugan at kakayahang baguhin o hubugin ang mundong kaniyang kinalalagyan. Ang reipikasyon naman ay isang kalagayan na ang isang bagay o ugnayan ay tila nagkaroon ng sariling buhay at hindi na kayang kontrolin.

May mga argumentong nagbukod kay Jaeggi sa mga naunang balangkas. Isa ay ang kaniyang pagbibigay-diin na ang reipikasyon ay ukol sa mga bagay na pinahahalagahan mismo ng isang taong maituturing na alienated sa mga ito; na yung mismong tao ang siyang magsasabi na ang isang bagay ay hindi na niya kayang panghawakan at/o unawain (Jaeggi 41). Ang argumentong ito ay batay sa kaniyang kritisismo ng kaisipang dogmatiko-ideolohikal na pinapatawan ng isang sistema ng pagpapahalaga ang mga tao imbes na hayaan silang kilalanin at tukuyin ang mga bagay at gawaing magbibigay-halaga sa kanilang mga buhay. Sa madaling sabi, dapat yung mga alienated mismo ang magsabi kung sa ano at kung kanino sila alienated. Isinuko ni Jaeggi ang pagtukoy sa mga alienated na bagay, di lamang sa mga indibidwal kundi pati na rin sa pagkilos ng lipunan at kasaysayan.

Iginiit din ni Jaeggi na taliwas sa mga teoryang Marxista, hindi matatapos ang pagsusumikap ng isang tao sa pag-angkin sa mga reipikadong bagay na sa pananaw niya'y mahalaga. Ito ay dahil limitado ang pagsangguni sa mga panlabas na pamantayan ng isang *disalienated* life; mga pamantayang nag-iiba-iba nang ayon sa mga ideolohikal na balangkas o pagkakaunawa sa likas na pagkatao. Tulad nang nabanggit kanina, pinuna ito ni Jaeggi (45–8) dahil ang ganitong uri ng pag-uusisa't pagpuna sa alienation ay batay sa mga di-makatotohanang paniniwala ukol sa tunay na likas na pagkatao (*essentialism*) na kakambal ng perpeksiyonismo't mesiyanismo ng mga tagapagkilatis na ibig tumayo bilang mga tagapagligtas ng mga alienated.

Dahil sa mga ito, dapat mas bigyang pansin ang mga pinahahalagahan ng isang tao, at ang mga ugnayan at gawaing nagpapahintulot sa kaniyang angkinin ang mga bagay na sa palagay niya'y mahalaga ngunit nareipika. Imbes na mahumaling sa kung ano ba dapat ang isang tunay na disalienated na pamumuhay, dapat mas bigyang pansin ang pagsisikap ng mga magkakaugnay na taong nasa pagitan ng pag-angkin at reipikasyon.

Batay sa mga ito, ang disalienation ay tumutukoy sa mga ugnayan, gawain, proseso't walang tigil na pagsisikap upang maangkin ang mga bagay na sa kanila'y mahalaga ngunit nareipika. Paano mailalapat ang mga pagkakaunawang ito sa mundo ng politika? Ito ay sasagutin sa susunod na seksiyon.

*Pag-unawa sa Political Alienation*

Alienation bilang kondisyon, ugnayan, at proseso—ito ang ating mababatid mula sa mga akdang tinalakay sa itaas. May mga konsiderasyon tayong kailangang isaalang-alang para mailapat natin ito sa politika. Una, kailangang suriin ang relasyon ng political alienation sa iba't ibang ugnayan at gawaing pampolitika na kinakaharap ng isang mamamayan (Olsen). Ano ba ang epekto ng political alienation sa buhay pampolitika ng isang tao? Mula sa pananaw ng sikolohiyang pampolitika at sa lebel ng indibidwal, aking ipinapanukala na ang political alienation ay binubuo ng mga negatibong saloobin (*negative political efficacy*) tungo sa sarili't (*internal*) sa mga bagay-bagay pampolitika (*external*) (Southwell, "Political Alienation" 72, "The effect of political alienation on voter turnout" 133; Craig 229; Gastardo-Conaco at Quiñones 22; Wolfsfeld 109). Ukol sa nauna, pawang hindi naniniwala ang mga politically alienated na sila'y may kakayahang impluwensiyahan ang politika at ang mga bagay-bagay at tao sa loob ng matatawag na *public sphere.* Hindi rin nila kayang unawain nang maigi ang mga isyu ng kanilang pamayanan. Kakambal nito ay ang kawalan nila ng tiwala sa pamahalaan o sa kakayahan nitong tugunan ang mga panawagan ng publiko. Mababa rin ang tingin nila sa kakayahan ng mga hindi *elite* (hal. kapuwa ordinaryong mamamayan, mga nagkikilos-protesta) na maimpluwensiyahan ang politika. Ang mga saloobing ito ay humuhubog sa gawi't pagkilos ng isang mamamayang mas pipiliin pang hindi makilahok sa politika (Yabut et al. 4–5, Borja, "Re-conceptualising political alienation" 54–56).

Ikalawa, kailangang ibukod ang political alienation sa mga kalapit na konsepto tulad ng *political apathy* at *depoliticization* (Dean 753–54). Di tulad ng political apathy na walang pakialam ang isang mamamayan sa politika, o depoliticization na tuluyan na at kusa ang paglayo sa politika (Stoker at Evans 34), ang political alienation ay isang patuloy na ugnayan ng isang mamamayan sa mga usapin at gawaing politikal. Sa madaling salita, kung ang political apathy at

depoliticization ay dulot ng kusang pagpigtas ng isang tao sa kaniyang ugnayan sa politika, ang political alienation ay ang patuloy na pag-ugnay ng isang mamamayan kahit na siya'y walang kapangyarihan at hindi aktibo sa politika. Ating hihimayin ang political alienation bilang isang ugnayan sa pamamagitan ng konsepto ng *political spectatorship.*

## Political Spectatorship: Pagmamasid sa Pagitan ng Pag-angkin at Reipikasyon

Ano ang political alienation bilang isang proseso sa pagitan ng pag-angkin at reipikasyon? Ano ang mga katangian isang politically alienated na mamamayan? Paano niya nakikita, nauusisa't nahuhusgahan ang politika at ang kaniyang pagkamamamayan? Sa pamamagitan ng konsepto ng political spectatorship (panonood/pagmamasid), ilalarawan ko na ang mga saloobin ng isang tao ukol sa politika ay kaugnay ng kaniyang pagtingin sa sarili bilang isang mamamayan. Ang pag-unawa't paghusga ng isang tao sa politika ay nakatali sa kaniyang pag-unawa't paghusga sa sarili bilang isang mamamayan; bilang isang bahagi ng mundong kaniyang pinagmamasdan. Bukod pa rito, bilang isang patuloy na proseso, ito ay maaaring maging isang *cycle* na napagtitibay o pinahihina ang paniniwala ng isang tao sa kapangyarihan ng kaniyang pagkamamamayan (na may bisa't saysay ang kaniyang paglahok sa mga gawaing pampolitika). Sa madaling salita, ang pagkamamamayan ng isang tao ay maaaring mareipika at maging isang bagay na kaniyang pinagmamasdan.

Subalit, ano ba ang pagmamasid o spectatorship? Una, ito ay puno't dulo ng mga ugnayang alienated. Para kay Debord (20–24), tayo'y nagiging tagapagmasid dahil sa mga bagay-bagay at ugnayang alienated habang ang ating pananatili sa kondisyong ito ang siyang umaalalay sa pagpapatuloy ng isang alienated at alienating na sistema. Pawang isang saradong sistema ang mayroon sa pagitan ng mga spectator at ng mga spectacle bilang mga palabas ng mga tao, bagay, gawain, at ugnayang ating pinahahalagahan ngunit di natin kayang hubugin o kontrolin. Sa madaling salita, ang ating pananatili sa panonood ay batay sa at nagpapanatili rin ng ating alienation sa mga bagay-bagay at kaugnayan sa ating pagkatao hanggang sa mga naging bunga ng ating gawa.

Ikalawa, para kina Rancière (13) at Borja ("Tis but a habit" 26–28), ang mga nagmamasid ay may kakayahang suriin at husgahan ang kanilang mga pinanonood. Kaya nilang bigyan ng kahulugan sa mga malikhaing pamamaraan ang kanilang mga nakikita. Ang gusto kong bigyang diin ay ang imahen na taluwas sa pasibong tagamasid. Ang spectatorship ay isang uri ng pakikilahok sa diskurso't pagbuo ng mga kahulugan sa pamamagitan ng kakayahang unawain at husgahan ang kanilang mga pinanonood nang ayon sa kanilang mga pinahahalagahan, saloobin, at palagay. Mula sa mga palabas at pangyayari sa mundo ng politika (hal. ang mga bunga ng kaniyang kontribusyon sa publiko tulad ng boto at buwis, mga kinatawang politikal kabilang ang sinumang nagsasabing sila'y para at/o galing sa mga ordinaryong mamamayan), hinuhusgahan ng mga mamamayang nagmamasid ang mga sumusunod: (1) ang bisa ng iba't ibang uri ng gawaing pampolitika; (2) ang kanilang papel sa mga politika; (3) ang kanilang kakayahang angkinin (kontrolin at maimpluwensiyahan) ang politika (Borja, "Tis but a habit" 28).

Bilang tagamasid, kinikilala ng isang mamamayan na may dimensiyong political/pampubliko ang kaniyang mga pinahahalagahan at pangangailangan. Nakikita niya ang kalagayan ng mga ito sa kamay ng mga aktibo sa politika. Bukod pa rito, sa pamamagitan ng kanilang mga gawain, kinakatawan din ng mga aktibo sa politika ang iba't ibang uri ng pakikilahok at ang bisa ng mga ito. Isang halimbawa ang pagkilos-protesta bilang uri ng pakikilahok. Ang pananaw ng mga tagapagmasid ukol sa bisa nito ay batay sa kakayahan ng mga aktibistang maimpluwensiyahan ang politika (hal. ang pamahalaan). Sa madaling salita, nakikita, kinikilatis, at hinuhusgahan ng mga nanonood ang ibang nakikilahok (hal. ang mga kasama sa mga kilos-protesta) at kung paano sila makipagbanggaan sa pamahalaan at mga makapangyarihan.

Sa kaso ng Pilipinas, ang isang mamamayang nagmamasid ay naniniwalang wala siyang kapangyarihang angkinin ang politika maliban sa pagboto (Borja, "Tis but a habit" 34–36). Kahit na siya'y may kakayahang husgahan at unawain ang mga palabas na pangyayaring pampolitika, hindi niya nakikita ang mga ito bilang isang mundo na maaari siyang makilahok nang may bisa. Ang kondisyong ito'y dahil sa isang paulit-ulit na proseso na nakikita ng isang mamamayan na maliban sa pagboto ay wala nang ibang uri ng mabisang pakikilahok.

## Political Alienation bilang Pagkakawalay Pampolitika

Sa kabuuan, ang political alienation mula sa pananaw ng sikolohiyang pampolitika ay bunga ng magkakaugnay na relasyon ng isang tao at ng politika, at sa pagitan niya at ang kaniyang sarili bilang isang mamamayan. Ang pagkakatali ng dalawang ito'y napapaloob sa isang paulit-ulit na prosesong humuhubog sa mga saloobin ng isang mamamayan ukol sa kaniyang sarili, at sa epekto ng politika sa kaniyang mga pinahahalagahan at pangangailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Naniniwala ang isang mamamayang alienated na sadyang limitado ang kaniyang kapangyarihang politikal, at ang mundo ng politika ay hindi niya kayang angkinin o pasukin.

Bakit kailangang isalin ang political alienation bilang pagkakawalay pampolitika? Ang pangunahing dahilan ko ay nais kong lumabas sa kaisipang Marxista upang magamit ang mga konseptuwalisasyong inilatag ng mga tulad nina Seeman at Jaeggi. Bukod pa rito, hango sa paggamit ni San Juan Jr. (14) sa ideya ng alyenasyon, aking bibigyang diin ang pagkakahiwalay ng tao sa kaniyang kapuwa't mga bunga ng gawa para mas mailapit pa ito sa wikang bernakular ng ating lipunan. Sa madaling salita, mas malawak at mas malapit sa ating wika't kalinangan ang salitang pagkakawalay.

Ano ngayon ang pagkakawalay pampolitika? Batay sa mga akdang tinalakay sa itaas, ang aking pagdadalumat sa konseptong ito ay nakaangkla sa mga sumusunod: (1) ang ideya ng alienation bilang kondisyon, ugnayan, at proseso; (2) ang teorya ng spectatorship o panonood/pagmamasid; (3) ang bagong balangkas na inilatag ni Jaeggi na pinuna't pinagbuklod niya ang mga ibang umiiral na balangkas sa loob at labas ng kaisipang Marxista. Sa kabuuan, ang aking pagdalumat sa pagkakawalay pampolitika ay batay sa pananaw ng sikolohiyang pampolitika habang nagsisilbing tulay sa mga estruktura't ugnayang panlipunan na napapaloob ang kondisyong ito.

Mula sa mga ito, ang pagkakawalay pampolitika ay tumutukoy sa isang kondisyon, ugnayan, at proseso na naniniwala ang isang mamamayan na hindi na niya kayang unawain at kontrolin ang mga usapin at gawaing pampubliko. Bilang isang kondisyon at proseso, ang pagkakawalay pampolitika ay ukol, di lamang sa sikolohikal na katayuan ng isang tao kundi pati na rin sa kaniyang kaugnayan sa mundo ng politika at sa mga kapuwa niya mamamayan.

Ang pangunahing katangian ng ganitong uri ng ugnayan ay ang kawalan ng kapangyarihan bilang isang mamamayan na patuloy pa ring naniniwala sa halaga't epekto ng politika sa pang-araw-araw na pamumuhay. Bukod pa rito, ang kondisyong ito ay napapaloob sa isang continuum na ang antas (saklaw at bigat) nito ay batay sa kinalalagyan ng mga tao sa loob ng pamayanan (ang kanilang tunay na kaugnayan sa mga proseso, estruktura, at ahenteng politikal). Sa mga dahilang ito, dalawang bagay ang bibigyang pansin ng aking pag-uusisa: (1) ang politikal na pag-iisip/sikolohiya ng mga mamamayan, at (2) ang kanilang mga kaugnayan sa mga gawain at usaping pampolitika (hal. ang kanilang pakikilahok sa politika, mga interaksiyon sa mga panooring politikal, atbp.). Sa mga susunod na seksiyon ay tatalakayin ko ang kondisyong sikolohikal-politikal na bumubuo sa pagkakawalay pampolitika bago ko ipakikita kung paano ito mauunawaan bilang isang paulit-ulit na proseso.

### *Pagkakawalay Pampolitika sa Pilipinas*

Ano ang mga katangian ng pagkakawalay pampolitika sa Pilipinas? Dalawang dimensiyon ang aking inuusisa upang masagot ito: (1) ang kawalan ng kapangyarihan sa politika; (2) ang mga ugnayang patuloy na nagbubuklod sa mga ordinaryong mamamayan at sa politika. Aking ipakikita na kahit naniniwala ang karamihan na wala silang kapangyarihang politikal, patuloy pa rin ang kanilang ugnayan sa politika. Hindi sila nawawalan ng pakialam dahil sa pananaw nila'y may saysay at mahalaga pa rin ang mga usapin at gawaing politikal kahit na sila'y hindi kabilang maliban lang sa pagboto. Ilalarawan ko ang mga ito sa pamamagitan ng *basic descriptive statistics* ng mga datos mula sa *Asia Barometer Survey* (ABS Waves 2–5).[3]

Ano ang mga katangian ng kawalan ng kapangyarihan bilang isang kondisyong sikolohikal-politikal? Mula sa Talaan 1.1, naniniwala ang karamihan na wala silang kakayahang makilahok nang may bisa sa politika. Bukod pa rito, marami ang nag-aalinlangan sa kakayahan nilang unawain ang mga pangyayaring politikal na sa pananaw nila'y pawang napakakomplikado. Sa kabuuan, marami ang naniwalang di na nila kayang kontrolin o unawain nang husto ang mundo ng politika, maliban lang sa pagboto, tulad ng ipinakikita sa Talaan 1.2.

TALAAN 1.1: KAWALAN NG KAPANGYARIHAN
Legend: (LS - Lubos na Sumasang-ayon; MS - Medyo Sumasang-ayon; MHS - Medyo Hindi Sumasang-ayon; LHS - Lubos na Hindi Sumasang-Ayon)

| ITEMS | 1 | | | | 2 | | | | 3 | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| WAVE | 2nd | 3rd | 4th | 5th | 2nd | 3rd | 4th | 5th | 3rd | 4th | 5th |
| LS | 8.7 | 16.9 | 12.4 | 14.1 | 25.9 | 24.9 | 20.1 | 21.4 | 19.3 | 18.7 | 20.9 |
| MS | 18.7 | 26.8 | 20.9 | 24.8 | 31.2 | 33.9 | 39.4 | 39.2 | 32.9 | 36.8 | 37.7 |
| MHS | 24.0 | 23.0 | 27.8 | 23.4 | 25.7 | 27.2 | 27.7 | 21.3 | 31.6 | 29.4 | 23.1 |
| LHS | 45.6 | 33.1 | 37.8 | 36.6 | 13.2 | 13.3 | 12.0 | 16.0 | 15.6 | 14.1 | 16.4 |
| Invalid* | 3.0 | 0.3 | 1.1 | 1.1 | 4.0 | 0.9 | 0.9 | 2.0 | 0.7 | 0.9 | 1.9 |
| Total | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 |

ITEMS:

1. Sa tingin ko ako ay may kakayahang makilahok sa politika.
2. Kung minsan ang politika at pamahalaan ay parang napakakomplikado kaya hindi talaga maintindihan ng isang taong katulad ko kung ano ang nangyayari.
3. Ang mga taong katulad ko ay walang anumang impluwensiya sa mga ginagawa ng gobyerno.

* Invalid (can't choose, didn't understand, didn't answer)

Hindi lubos o sagaran ang kawalan ng kapangyarihan sa Pilipinas. Una, ipinahiwatig ng karamihan ang kanilang palagay na may kakayahan silang palitan ang isang pamahalaang hindi nila gusto. Bukod pa rito, marami ang naniniwala na malaya silang ipahayag ang kanilang mga saloobin, o sumali sa kahit na anong organisasyon. Subalit marami rin ang naniwalang wala silang kakayahang panagutin ang pamahalaan sa labas ng halalan). Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na marami ang naniniwala na ang kapangyarihang hawak nila'y nakaangkla lamang sa pagboto.

TALAAN 1.2: KAWALAN NG KAPANGYARIHAN
Legend: (LS - Lubos na Sumasang-ayon; MS - Medyo Sumasang-ayon; MHS - Medyo Hindi Sumasang-ayon; LHS - Lubos na Hindi Sumasang-Ayon)

| ITEMS | 4 | | | | 5 | | | | 6 | | | | 7 | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| WAVE | 2nd | 3rd | 4th | 5th | 2nd | 3rd | 4th | 5th | 2nd | 3rd | 4th | 5th | 2nd | 3rd | 4th | 5th |
| LS | 34.8 | 47.8 | 31.1 | 31.1 | 15.8 | 17.7 | 15 | 15.9 | 33.5 | 42.1 | 31.3 | 38.5 | 31.7 | 35 | 27.9 | 30.6 |
| MS | 33.9 | 31.8 | 40.6 | 41.2 | 34.2 | 35.3 | 41.6 | 43 | 33.1 | 33.5 | 39.4 | 38.4 | 34.7 | 39.8 | 41.1 | 42.9 |
| MHS | 18.6 | 14.7 | 19.5 | 17.1 | 32.1 | 32.6 | 29.7 | 26 | 21.9 | 17.3 | 21.2 | 14.7 | 21.9 | 17.4 | 22.3 | 16 |
| LHS | 11.1 | 5.5 | 8.4 | 9.4 | 13.3 | 13.2 | 13.3 | 12.6 | 9.4 | 6.8 | 7.5 | 7.6 | 9.3 | 7.1 | 8.3 | 8.7 |
| Invalid* | 1.6 | 0.2 | 0.5 | 1.2 | 4.7 | 1.3 | 0.4 | 2.5 | 2.1 | 0.5 | 0.6 | 0.9 | 2.5 | 0.9 | 0.5 | 1.7 |
| Total | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 |

ITEMS:

4. Ang mamamayan ay may kapangyarihang palitan ang gobyerno na hindi nila gusto.
5. Tuwing walang eleksiyon, ang mga tao ay walang paraan na papanagutin ang gobyerno na maging responsable sa kanilang mga kilos.
6. Ang mga tao ay malayang nakapagsasalita ng kanilang saloobin nang walang takot
7. Ang mga tao ay maaaring sumali sa anumang organisasyong ninanais nila nang walang takot.

* Invalid (can't choose, didn't understand, didn't answer)

Ano ba ang eleksiyon para sa nakararaming naniniwala rin na wala silang kakayahang makilahok nang may bisa sa politika? Ipinahihiwatig ng datos sa Talaan 2 na pawang pagboto lamang ang nakikita nilang mabisa; sa pagboto lamang nila kayang udyukan ang pamahalaan na tugunan ang kanilang mga hinaing at pangangailangan. Kahit na sa palagay nila'y hindi mahusay ang pamahalaan sa tungkuling ito, naniniwala silang mabisa ang eleksiyon para sila'y mapakinggan ng mga nasa pamahalaan. Kaakibat ng datos sa talaan 1.2, ang ipinakikita sa ibaba'y kung bakit nasa 60% hanggang mahigit na 80% ang *voter turnout* sa Pilipinas mula 1992 hanggang 2019 (Pigura #1). Sa kabuuan, hindi lubos ang kawalan ng kapangyarihan ng mga mamamayang Pilipino. Subalit ito'y nakatali sa pagboto na madalas makilahok ang karamihan. Bukod pa rito, ang karamihan ay interesado pa rin sa politika; na patuloy ang kanilang panonood at pagmamasid.

TALAAN 2: MGA PALAGAY UKOL SA ELEKSIYON AT PAGTUGON NG PAMAHALAAN

| ITEMS | 1 | | 2 | | 3 |
|---|---|---|---|---|---|
| AVERAGE | WAVES 2 - 5 | | WAVES 2 - 5 | | WAVES 3 - 5 |
| Palagi | 20.8 | Talagang Tumutugon | 13.7 | Talagang Malaki | 19.8 |
| Kadalasan | 31.3 | Hindi sa Lahat Tumutugon | 31.2 | Medyo Malaki | 48.9 |
| Minsan | 28.6 | Medyo Hindi Tumutugon | 43.7 | Hindi Gaanong Malaki | 25.3 |
| Bihira | 16.9 | Talagang Hindi Tumutugon | 10.1 | Wala | 4.8 |
| Invalid* | 2.5 | Invalid* | 1.3 | Invalid* | 1.1 |
| Total | 100 | | 100 | | 100 |


ITEMS:

1. Gaano kadalas sa tingin ninyo na ang ating mga eleksiyon ay nagbibigay sa mga botante ng totoong pagpipilian sa pagitan ng ibat ibang partido o kandidato?

2. Gaano kahusay, sa palagay ninyo, tumutugon ang gobyerno sa kagustuhan ng tao?

3. Gaano ninyo nararamdaman na ang pagkakaroon ng eleksiyon ay nakatutulong sa gobyerno para mabigyang pansin kung ano ang iniisip ng mga tao?
(Wave 5) Gaano ninyo nararamdaman na dahil sa pagkakaroon ng eleksiyon, ang gobyerno ay mas tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tao?
* Invalid (can't choose, didn't understand, didn't answer)

**Figura 1: Voter Turnout at Voting Age Population Turnout sa Pilipinas (1992 – 2019)**




Datos mula sa *Institute of Democracy and Electoral Assistance* (https://www.idea.int/data-tools/country-view/240/40)

Mula sa Talaan 3, talagang interesado ang karamihan sa mga usaping political, at karamihan sa kanila ay nakaantabay sa balita ukol sa politika't pamahalaan. Patuloy ang kanilang panonood, at marami ang hindi nayayamot pag-usapan ang politika. Sa pananaw ng teorya ng panonood/pagmamasid, ang karamihan sa mga Pilipino'y pinanonood ang mga produkto ng kanilang gawa—ng kanilang boto at buwis. Gayunman, dahil sila'y nawalay na sa mga naging bunga ng kanilang boto at buwis, naniniwala sila na hindi na nila kayang kontrolin o unawain nang husto ang mga ito, maliban lang sa pamamagitan ng pagboto. Sa madaling salita, ang mga Pilipinong nawalay sa politika ay mahilig pa ring bomoto at manood. Ang siyang nagdusa para sa mga kondisyon at kaugaliang ito ay ang mga uri ng pakikilahok na labas sa eleksiyon. Ang mga nawalay sa politika ay hindi na nakikilahok sa labas ng eleksiyon.

Sadyang sa eleksiyon at pagboto lang nakatutok ang gawing politikal ng karamihan sa mga mamamayang Pilipino. Makikita ito, di lamang sa voter turnout kundi pati na rin sa hindi pagsali ng marami sa mga gawaing politikal na labas sa pagboto. Ipinakikita ng Talaan 4.1 na marami ang hindi sumasali sa lahat ng uri ng pakikilahok sa politika. Kahit na ganito ang gawi sa kabuuan, may dalawang uri ng pakikilahok ang mas sinasalihan kung ikokompara sa iba. Ang mga ito ay ang pagsangguni sa mga tradisyonal na lider ng isang komunidad at ang pakikipagtipon para solusyunan ang mga problema ng isang lokalidad. Ito ay marahil sa lapit ng lokal na politika sa pang-araw-araw na pamumuhay at ugnayan ng isang mamamayan. Sa ibang salita, ang pagkakawalay pampolitika ay maaaring naibsan ng paglapit ng problemang political sa espasyo ng pang-araw-araw na pamumuhay at pakikipag-ugnayan.

Isang halimbawa nito ay ang katungkulan ng isang kapitan ng barangay na magsilbing pangunahing tagapamagitan sa mga mamamayan ng kaniyang lokalidad. Bukod pa rito, siya rin ang pangunahing malalapitan kung may problema sa kaniyang komunidad. Nabibigyang diin din ang ideyang ito kung ikokompara sa hindi pagsali ng mga tao sa ibang uri ng pakikilahok sa antas ng politikang nasyonal.

TALAAN 3: INTERES SA POLITIKA (AVERAGE 2ND – 5TH WAVE)

| Items | 1 | | 2 | | 3 |
|---|---|---|---|---|---|
| Talagang Interesado | 18.1 | Araw-araw | 46.6 | Madalas | 10.1 |
| Medyo Interesado | 45.6 | Ilang beses sa Isang Linggo | 17.0 | Paminsan-minsan | 67.6 |
| Medyo Hindi Interesado | 20.6 | 1–2 Beses sa Isang Linggo | 17.6 | Hindi Kailanman | 21.4 |
| Talagang Hindi Interesado | 15.1 | Hindi Minsan sa Isang Linggo | 13.1 | | |
| | | Halos Hindi Kailanman | 4.8 | | |
| Invalid | 0.6 | Invalid | 0.9 | Invalid | 0.9 |
| Total | 100.0 | Total | 100.0 | Total | 100.0 |

ITEMS:

1. Gaano kayo kainteresado sa politika?

2. Gaano kadalas ninyo sinusundan ang mga balita tungkol sa politika at gobyerno?

3. Kapag nagsasama-sama kayo ng inyong mga kapamilya o kaibigan, gaano kadalas ninyo pinag-uusapan ang tungkol sa politika?

* Invalid (can't choose, didn't understand, didn't answer)

TALAAN 4.1: PAKIKILAHOK SA LABAS NG ELEKSIYON (WAVE 3 AT 4)

| ITEMS | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 3rd Wave | | | | | | | | | |
| Hindi Kailanman | 87.4 | 82.3 | 72.4 | 85.9 | 92.9 | 78.2 | 88.1 | 91.6 | 95.2 |
| Isang Beses | 7.4 | 10.8 | 16.2 | 8.9 | 3.7 | 14.5 | 8.4 | 5.1 | 2.8 |
| Mahigit sa Isang Beses | 5.2 | 7 | 11.4 | 5.2 | 3.3 | 7.3 | 3.5 | 3.2 | 1.9 |
| Invalid | 0 | 0 | 0 | 0 | 0.1 | 0.1 | 0.1 | 0.1 | 0 |
| Total | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 |
| 4th Wave | | | | | | | | | |
| Nagawa Higit Pa sa Isang Beses | 3.9 | 8.7 | 11.1 | 4.1 | 1.1 | 7.2 | 2.8 | 1.7 | 0.5 |
| Nagawa Nang Isang Beses | 8.1 | 11.6 | 14.4 | 8.3 | 2.3 | 10.7 | 6.2 | 2.9 | 1.7 |
| Hindi Nagawa/Gagawin | 87.6 | 78.7 | 73.9 | 87.1 | 95.8 | 81.4 | 90.3 | 94.5 | 97 |
| Invalid | 0.4 | 1 | 0.7 | 0.5 | 0.8 | 0.6 | 0.7 | 0.9 | 0.9 |
| Total | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 | 100 |

Items:

1. Lumapit sa nahalal na senador o kongresista
2. Lumapit sa matataas na opisyal
3. Lumapit sa mga tradisyonal na lider ng komunidad
4. Lumapit sa mga maimpluwensiyang tao sa labas ng gobyerno
5. Lumapit sa midya
6. Nakitipon sa iba upang subukang masolusyonan ang isang panglokal na problema
7. Nakitipon sa iba upang ilahad ang isang isyu o pumirma ng petisyon
8. Sumali sa demonstrasyon o martsa ng pagprotesta
9. Gumamit ng puwersa o karahasan para sa isang pampolitikang layunin

* Invalid - Can't choose, decline to answer, or can't understand

Ayon sa Talaan 4.2, may mga nadagdag na pamamaraang mas sinasalihan ng mga mamamayan. Bukod pa rito, dahil sa mga dagdag na katanungang ginamit ng ABS, naibahagi ng mga sumagot sa *survey* ang mga gawaing maaari nilang salihan sa hinaharap kung may mahalagang pangyayari. Halos lahat ng uri ng pakikilahok ay maaari nilang salihan maliban lang sa mga mapanganib na aksiyon at pagsali sa kilos-protesta. Tulad ng mga resulta sa Talaan 4.1, ang dalawang gawaing ito ay ang mga pinakanilayuan ng karamihan. Pawang naibaon nang nakararami ang kasaysayan ng protesta na hanggang ngayon ay ipinagmamalaki pa rin ng iba't ibang puwersa ng oposisyong politikal. Maaaring wala nang tiwala ang mga ordinaryong mamamayan sa bisa ng mga ganitong uri ng pakikilahok, kahit na sila'y naniniwala sa mga ipinaglalaban nila, o sa mga isyung kanilang inilalahad sa publiko.

Bilang panapos sa bahaging ito, may ilang magkakaugnay na punto ang aking bibigyang diin. Una, hindi lubos ang kawalan ng kapangyarihan sa Pilipinas. Ikalawa, hindi ito lubos dahil sa patuloy na panonood ng mga tao sa politika, at ang kanilang patuloy na pagkapit sa pagboto bilang isang uri ng pakikilahok na sa palagay nila ay mas mabisa kaysa ibang uri. Ikatlo, lumalabas na ang lakas ng mga mamamayan ay pawang nakasentro lamang sa pagboto. Panghuli, ang pagkakawalay pampolitika sa Pilipinas ay isang kawalan ng kapangyarihan—kumpiyansa sa sarili bilang isang mamamayan—sa labas ng eleksiyon. Bakit ayaw nilang makilahok sa mga gawaing nasa labas ng pagboto kahit na naniniwala silang may kakayahan silang baguhin ang isang pamahalaang ayaw nila? Ito ay dahil sila'y nawalay na sa politika, at ang pagkakawalay nila ay batay sa isang proseso na pagboto ang pangunahin o tanging mekanismo ng nakakarami para ihayag ang kanilang mga saloobin sa politika.

TALAAN 4.2: PAKIKILAHOK SA LABAS NG ELEKSIYON (WAVE 5)
Legend: (N3 - Nagawa nang higit pa sa 3 beses; N2 - Nagawa nang 2–3 beses; NI - Nagawa nang isang beses; HN - Hindi na nagagawa pero maaaring gawin kung mayroong importanteng bagay na mangyari sa hinaharap; HG - Hindi nagawa/Hindi gagawin kahit na kailan)

| ITEMS | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N3 | 0.3 | 2.4 | 2.2 | 4.1 | 5.7 | 3.9 | 3.9 | 0.8 | 3.8 | 1.2/.4 | 0.9 |
| N2 | 0.8 | 2.9 | 1.4 | 5 | 7.8 | 5.5 | 5.5 | 0.3 | 3.5 | 1.7/.6 | 1.1 |
| NI | 1.7 | 4.3 | 4.3 | 9 | 15.7 | 10.5 | 10.5 | 1.8 | 6.6 | 6.3/1.7 | 2.1 |
| HN | 16.6 | 32.4 | 18 | 49.7 | 44.9 | 45.8 | 45.8 | 47.9 | 36.6 | 40.6/15.9 | 19.5 |
| HG | 79.8 | 56.8 | 27.5 | 31.5 | 25.4 | 33.3 | 33.3 | 48.4 | 48.7 | 48.8/34.5 | 75.8 |
| Invalid* | 0.7 | 1.1 | 0.1 | | | | | 0.7 | 0.7 | 1.5/.7 | 0.6 |
| N/A | | | 46.3 | | | | | | | 46.3 (Online) | |

ITEMS:

1. Gumawa ng hakbang para sa isang politikal na layunin/isyu na naglagay sa inyo sa panganib na masaktan
2. Sumali sa isang grupo para aktibong suportahan ang isang layunin/isyu
3. Gumamit ng Internet, kasama ng social media, upang ipahayag ang sariling opinyon tungkol sa gobyerno.
4. Lumapit sa nahalal na senador o kongresista
5. Lumapit sa matataas na opisyal
6. Lumapit sa mga tradisyonal na lider ng komunidad
7. Lumapit sa mga maimpluwensiyang tao sa labas ng gobyerno
8. Lumapit sa midya
9. Nakitipon sa iba upang subukang ayusin ang mga lokal na problema
10. Pumirma ng isang petisyon sa papel/Internet
11. Sumali sa demonstrasyon o martsa ng pagprotesta

* Invalid - Can’t choose, decline to answer, or can’t understand

### *Ang Proseso ng Pagkakawalay Pampolitika: Panonood sa Pagitan ng Balota at Protesta*

May dalawang magkasalungat na saloobin mula sa mga datos na inilatag sa itaas. Sa isang banda ay ang paniniwala ng karamihan na walang kakayahan ang isang ordinaryong mamamayan na makilahok sa politika nang may bisa. Sa kabila ay ang paniniwalang may kakayahan silang baguhin ang isang pamahalaang di nila gusto. Paano mapagtutugma ang mga saloobing ito? Kailangang ipakita kung ano ang mga namamagitan sa dalawang paniniwalang ito at ipaliwanag ang sistema ng palagay/saloobin at gawi na napapaloob ang pagkakasalungat na ito. Bukod pa rito, kailangang usisain ang interaksiyon ng nabanggit na sistema, at ang mga ugnayan at estrukturang politikal na kinabibilangan ng isang mamamayan. Sa kabuuan, aking ilalarawan ang pagkakawalay pampolitika bilang isang proseso na may saysay ang mga magkasalungat na saloobin ukol sa pagkamamamayan at relasyon sa politika.

Ang pagkakawalay pampolitika ay isang kondisyon, ugnayan, at proseso na naniniwala ang isang tao na wala siyang kakayahang kontrolin (makilahok nang may bisa) at unawain nang husto ang mga usapin at gawaing pampubliko. Gusto kong bigyang diin na hindi magiging sapat kung ituturing lang na isang kondisyong sikolohikal-politikal ang pagkakawalay ng isang tao sa politika at sa kaniyang pagkamamamayan. Kung tatahakin natin ang landas na ito ay hindi natin lubusang maipaliliwanag ang pagkakasalungat na nabanggit kanina.

Halimbawa, kung susuriin lang natin ang kawalan ng kapangyarihan at kumpiyansa sa sarili bilang isang mamamayan, hindi natin maipaliliwanag kung bakit patuloy na naniniwala ang karamihan sa bisa ng kanilang pagboto. Kung doon naman tayo sa kabilang panig at uusisain lang ang paniniwala ng nakararami sa bisa ng eleksiyon bilang pamantayan ng kanilang pagkamamamayan, hindi naman natin mabibigyang linaw kung bakit hindi sila nakikilahok sa iba pang uri ng gawaing politikal. Hindi rin natin maipaliliwanag kung bakit mababa rin ang pagtingin ng karamihan sa kanilang mga sarili bilang mga mamamayan. Sa madaling salita, kailangang iugnay ang dalawang

saloobing ito at ang mga gawaing nagmula sa mga ito sa isang kategoryang sumasaklaw sa kanila; kailangang unawain sila bilang mga bahagi ng isang proseso.

Bakit proseso? Ang kasagutan ay batay sa mga sumusunod. Una, mula sa pananaw ng sikolohiya, proseso ang nagbubuklod sa mga palagay/saloobin at gawi ng isang tao. Mula sa balangkas nina Fishbein at Ajzen (*Belief, Attitude, Intention, and Behavior* 13–16; *Predicting and Changing Behavior* 20–27) ang ating gawi ay batay sa ating mga palagay at saloobin. Bukod pa rito, ang ating mga gawain at ang mga naidulot nito ay ating sinusuri't hinuhusgahan. Ang mga ito'y nakaaapekto sa paghubog, pagpapanatili, pagbago, o pagbuwag sa ating mga naunang palagay. Sa madaling salita, may paulit-ulit na prosesong nagbubuklod at humuhubog sa ating kaisipan at gawi.


Ikalawa, kung isasaalang-alang ang patuloy na pagdaloy ng panahon at ang realidad ng pagbabago, proseso ang nararapat na pangunahing kategorya sa pagsusuri. Pagkilos ang dapat tutukan sa pagsusuri upang maipakita ang paggalaw ng realidad. Dagdag dito, ayon sa pamamaraang analitikal ni Marx (ang kaniyang pagsusuring diyalektikal), pagkilos at ugnayan ang mga pangunahing kategorya sa isang angkop na pagtalakay sa isang lipunang binubuo ng mga magkakaugnay at nagbabagong bahagi (Ollman, *Dance of the Dialectic* 15–24).

Bukod pa rito, mas mailalapit sa katotohanan ng isang komplikadong lipunan ang mga konseptong ating ginagamit kung isasaalang-alang natin na ang isang bagay ay kaugnay ng mga hindi nito katulad, at ang mga kasalungat nito; na lubos nating mauunawan ang isang bagay nang kaugnay sa mga kasalungat nito. Isang matingkad na halimbawa ay ang konsepto ng alienation na inuusisa nang kaugnay ng disalienation. Sa aking palagay, makatutulong ito sa pagpapaliwanag ng mga pagkakasalungat na nabanggit kanina. Sa kabuuan, ang aking pagdalumat sa pagkakawalay pampolitika bilang isang kondisyon at proseso ay magbibigay-linaw sa mga katangian ng mga mamamayang nawalay na sa politika at sa kanilang pagkamamamayan.

Ano ang mga bumubuo sa proseso ng pagkakawalay pampolitika? Paano ito mahihimay? Mula kay Twining (423–27), ang proseso ng pagkakawalay pampolitika ay may dalawang bahagi: (1) mga pansariling kondisyon (*subjective*) tulad ng mga saloobin at gawi ng isang tao; (2) mga panlabas na bagay tulad ng mga estruktura at ugnayang panlipunan (*objective*). Ang interaksiyon ng dalawang ito ang nagdudulot sa mga manipestasyon ng pagkakawalay sa pamumuhay ng isang tao. Ang mga ugnayang kinabibilangan ng isang tao ay nasasailalim sa isang proseso ng paghusga't desisyon na humuhubog sa kaniyang mga saloobin ukol sa politika at sa kaniyang pagkamamamayan. Ang mga gawain naman niya ay tumutulong mapanatili sa mga ugnayan at estrukturang kaniyang kinabibilangan. Sa kabuuan, ang prosesong ng pagkakawalay pampolitika ay paulit-ulit. Ito marahil ang dahilan kung bakit ito ay nananatili kahit na may mga aktibidad tulad ng eleksiyon na maaaring mapagaan nang panandalian ang kawalan ng kapangyarihan ng mga botante.

Ang pangunahing isyu ay ang katangian ng buong proseso; kung ito ba ay matatawag na positibo na lumalakas ang kumpiyansa ng isang tao sa kaniyang pagkamamamayan, o negatibo na napananatili o lumalala ang kaniyang kawalan ng kapangyarihan. Para lalong mabigyang linaw ang pagkilos ng pagkakawalay pampolitika, ilalarawan ko kung paano ito nagiging saligan ng eleksiyon at hadlang sa mga kilusang protesta sa Pilipinas. Hihimayin ko ang ugnayan ng pagkakawalay pampolitika at ng mga gawaing ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na nagpapalipat-lipat na kondisyon: (1) paglapit at paglayo; (2) pagbalik at paglisan; (3) pag-angkin at pagsuko. Ito ang mga namamagitan sa mga pansariling kondisyon, at sa mga panlabas na bagay at kalagayang kinakaharap ng mga mamamayan.

PIGURA 2: PROSESO NG PAGKAKAWALAY PAMPOLITIKA




Ukol sa eleksiyon, ang paglapit ng politika sa mga ordinaryong mamamayan ay nangyayari sa pamamagitan ng pangangampanya ng mga gustong mahalal bilang kinatawan. Sa pagitan ng mga botante at mga politiko ay ang panunuyo ng ikalawa (ang pagsusumikap ng mga representante na ihanay ang

kanilang mga pahayag at gawain sa mga problema at kagustuhan ng mga botante). Dahil dito ay nailalapit ang mga usapin at gawaing pampubliko sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga botante, hindi lamang sa espasyo ng pagbisita ng mga politiko kundi pati na rin sa kanilang pakikipagtalastasan at pagsasalita. Kahit na ang kanilang pagkuha sa suporta ng mga artista ay isang pamamaraang mailapit ang kanilang kampanya sa kalinangan at kaisipan ng mga botante. Bukod pa rito, ang pag-iral naman ng mga balwarte ay batay sa pagbalik ng mga kinatawan sa mga lokalidad na kanilang pinagmulan. Ito ay mahalaga lalo na sa mga gustong lumipat mula sa lokal na antas tungo sa nasyonal na pamahalaan.

Mayroong isang matinding halimbawa ng interaksiyon sa pagitan ng paglayo at paglapit, at pagbalik at paglisan. Ito ay ang ideya ng "Imperial Manila" na ginamit ni Rodrigo Duterte bilang saligan ng kaniyang pangakong itatatag ang isang sistemang pederal sa pagitan ng nasyonal at lokal na antas ng pamahalaan. Para sa mga naniniwalang sadyang hindi natutugunan ang pangangailangan ng mga tao't lokalidad sa labas ng Maynila, ang mga pahayag ni Duterte ukol dito ay sadyang nakaaakit. Sa kabuuan, hangarin sa panunuyong politikal na gawing nasasakupan ang mga nanonood/nagmamasid habang pinatitibay ang suporta ng kanilang kasalukuyang sakop.

Sa harap naman ng balota, ang isang mamamayan ay binibigyan ng kasalukuyang sistema, ng isang pagkakataong angkinin ang politika. Subalit dahil din dito ay isinusuko niya ang kaniyang kapangyarihan sa mga nahalal, at sa pamahalaang muling naging lehitimo dahil sa eleksiyon. Pagkatapos nito ay muling lalayo ang mga nanalo sa mga botante. Para sa mga tumalon mula lokal tungo sa nasyonal na pamahalaan, lilisanin nila ang kanilang pinanggalingan. Ang bunga ng ganitong pagkilos ay makikita sa datos sa itaas. Marami ang naniniwala na matapos ang eleksiyon ay hindi na nila kayang panagutin ang gobyerno sa kanilang mga gawain. Bukod pa rito, marami ang naniniwalang hindi na nila kayang makilahok nang may bisa. Makatwiran kung sasabihin na ang kanilang hindi paglahok sa mga gawain sa labas ng eleksiyon ay bunga nito. Isinuko na nila ang kapangyarihan sa mga taong kanilang panonoorin at pag-uusapan matapos ang eleksiyon.

Sa puntong ito ay susuriin natin ang ugnayan ng mga ordinaryong mamamayan at mga kilusang protesta. Ipinahihiwatig ng datos sa nakaraang seksiyon na ang nakararami at hindi nakikilahok sa mga gawain sa labas ng eleksiyon. Subalit nakita rin na sila'y maaaring sumali sa mga ito maliban sa mga kilos-protesta o mga gawaing mapanganib. Bakit ganito ang kanilang gawi? Bakit sila lumalayo sa pagpoprotesta? Tulad ng nakita nina Liu at Gastardo-Conaco (187), at Garrido (664), ito ba ay dulot ng matatawag na "EDSA fatigue" na umubos sa bisa ng mga alaala ng protesta at pakikibaka laban sa pamahalaan? Ito ba ay dahil sa kawalan ng tiwala sa mga nagkikilos-protesta? Ang mga maaaring sagot ay batay sa realidad na ang mga gawaing ito ay pinanonood ng mga ordinaryong mamamayan. Sa kanilang panonood ay hinuhusgahan ng mga mamamayang nawalay at di nakilahok ang bisa ng ganitong pamamaraang politikal, at ang bisa ng mga nag-organisa't nagsagawa ng mga pagkilos na ito.

Hindi ko lubusang masasagot ang mga katanungang ito ngayon. Subalit aking ipinapanukala na kung ihahambing sa ibang uri ng pakikilahok, tila lubusan nang nawalay ang mga nagkikilos-protesta sa nakararami. Matingkad na halimbawa ang datos mula Talaan 4.2 na talagang hindi sasama sa isang kilos protesta ang karamihan kahit na may importanteng pangyayari. Paano natin maipaliliwanag ito? Upang masagot ang katanungang ito, kailangang suriin ang ugnayan ng eleksiyon at kilos-protesta sa pananaw ng mga nawalay na tagapagmasid/manonood.

Para sa kanila, ano ba ang halaga ng mga kilos-protesta kung ihahambing sa eleksiyon? Mula sa datos ng ABS, makatwiran ang hinuhang mas mababa ang halaga ng protesta kaysa pagboto at eleksiyon. Naniniwala pa rin ang nakararami na may bisa ang pagboto at eleksiyon, at patuloy pa rin ang mga protesta kahit na kakaunti lang ang sumasali at hindi naman karaniwang natutugunan ang kanilang mga hinaing. Mula rito, ang pakiwari ko ay nahusgahan ng mga nawalay na walang bisa at/o mapanganib ang pagsali sa mga gawaing ito, at ang pag-uulit ng mga ito ay maaaring magpatibay sa mga saloobin ukol sa bisa ng mga pagkilos na ito. Sa madaling salita, dapat mabatid ng mga nagkikilos-protesta na sila'y pinanonood ng mga ibang hindi kasali, at ang kanilang tagumpay o pagkatalo ay lubos na nakaaapekto sa kagustuhan ng iba na sumama't makilahok.

Ipinapanukala ko rin na ang kawalan ng kapangyarihan at kumpiyansa sa sarili bilang isang mamamayan ay maaaring dulot ng pagkokompara ng isang tao sa bisa ng mga gawaing ito sa loob ng isang sistemang pinamumunuan ng isang oligarkiya (Dressel

541; Teehankee at Calimbahin 98). Mula rito ay nakikita ng isang mamamayan na maliban sa pagboto, wala na siyang lugar sa mga gawain at usaping politikal kundi maging botante at tagapagmasid—maging isang political spectator. Sa madaling salita, naisuko na nila ang kanilang kapangyarihan sa pamahalaan at sa mga kinatawang nahalal.

Sa kabuuan, ang pagkakawalay pampolitika sa Pilipinas ay isang proseso na ang panandaliang kapangyarihang matatagpuan sa balota ay hindi sapat na payamanin at palakasin ang kumpiyansa ng mga tao sa kanilang pagkamamamayan. Paulit-ulit ang pagboto at hindi pakikilahok sa labas ng eleksiyon. Patuloy rin ang panonood at paghusga sa mga gawaing ito. Patuloy ang pagdama't pag-unawa sa mga ipinahihiwatig ng bisa ng mga gawaing ito sa likas at katangian ng pagkamamamayan sa Pilipinas. Ito ang mga gawing nagsisilbing saligan ng pagkakawalay pampolitika sa Pilipinas.

Kung pagboto lang ang tanging sakop ng pagkamamamayan, hindi magiging problema ang larawang ito ng demokratisasyon. Subalit kung kailangan ng pagkamamamayang demokratiko ang pakikilahok sa labas ng eleksiyon, pawang isang malaki at malalim na balakid ang pagsasalungatan ng pagboto at pakikilahok sa labas nito. Iniiwan ko na ang isyung ito sa mga normatibong pagteorisang isasaalang-alang ang pagkakawalay ng nakakarami sa politika. Ilalatag ko na lang sa panapos na bahagi ang mga isyu't katanungang maaaring talakayin ng mga susunod na pagsusuri sa pagkakawalay pampolitika.

## KONGKLUSYON

Sa isang maikli't matalas na pagpuna sa likas at mga katangian ng lipunang Pilipino, ipinakita ni Renato Constantino (31–40) ang pagkakawatak-watak hindi lamang ng mga mamamayang Pilipino at pamahalaan kundi pati na rin sa isa't isa. Sa madaling salita, ang *kapuwa* at *pakikipagkapuwa* sa lipunang Pilipino ay lubos na limitado. Ito ay dahil sa bigat ng mga gawi't estruktura na ang indibidwal ay napipilitang mabuhay nang mag-isa. Ang bigat nito'y umabot sa kondisyon na ginusto nang karamihang maging mag-isa—na palawakin ang sakop ng kanilang pribadong buhay kahit na magdusa ang pagkamamamayan nila. Iniiwan ko na ang isyu ng kapuwa at pakikipagkapuwa sa mga susunod na pagsisiyasat.

Subalit kailangan kong itanong kung sino ba ang unang humiwalay? Ang pagkakawalay pampolitika ba ay kahawig ng pagtigil sa pagpapasuso sa isang sanggol upang ito'y paunti-unting lumaki nang malaya sa magulang? Ang mga katanungang ito ay iniiwan ko na sa isang pagsusuri sa kasaysayang pampolitika ng Pilipinas na gamit ang lente ng pagkakawalay. Ang masasabi ko lang ay sa panahon ng mga huling paghinga ng rehimeng EDSA, ang mga ordinaryong mamamayan sa Pilipinas ay napapaloob sa isang nagpapaulit-ulit ng proseso ng pagkakawalay pampolitika na mababa ang pagtingin nila sa kanilang mga sarili bilang mga mamamayan kung ikokompara sa pamahalaan at sa mga aktibo sa politika.

Kung sinuman ang naunang humiwalay, masasabi na sa ngayon, lumalabas na ang mundo ng politika ay naging monopolyo nang iba't ibang nagbabanggaang kinatawang pampolitika, nahalal man o hindi. Kahit na may mga espasyo para sa pagpapahayag ng opinyon at hinaing, ang mga pangunahing lugar ng desisyong pampolitika ay para lamang sa iilan. Bukod pa rito, aking binibigyang diin na pinanonood ng mga tao ang mga bunga at gawain ng kalagayang ito, at sa kanilang panonood ay hinuhusgahan nila: (1) ang kanilang mga sarili bilang mga mamamayan, at (2) ang kanilang kaugnayan sa mundo ng politika at sa mga nilalaman nito.

Saan maaaring tumungo ang mga susunod na pagsusuri ukol sa kaugnayan ng pagkakawalay pampolitika, pagsasaayos, at demokratisasyon? Una, ayon sa mga limitasyon ng akdang ito, dapat isaalang-alang sa hinaharap ang mga iba pang uri ng pakikilahok at ilugar sila sa proseso ng pagkakawalay pampolitika. Kamakailan lamang ay umusbong ang mga hapag pangpamayanan o *community pantry* sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas bilang isang matingkad na halimbawa ng ugnayan ng estado't lipunang sibil na pinunto ni Contreras. Ang mga community pantry na sinimulan ni Patricia Non sa Maginhawa street sa Quezon City ay ang pagbibigay ng panustos sa kahit na sinong gustong kumuha nang ayon sa kanilang pangangailangan. Bukod pa rito, inaanyayahan din ang iba na magbigay nang ayon sa kanilang kakayahan. Ayon kay Non, ang nagtulak sa kaniya para magtayo ng isang community pantry ay ang nakikita niyang kawalan ng aksiyon mula sa pamahalaan (Gozum; Villavecer). Bakit ganito ang naging tugon niya sa pagkukulang ng pamahalaan? Ang paunang sagot ko ay ang pagkakawalay pampolitika ay maaaring nagsilbing

basehan ng mga ganitong uri ng pakikipagkapuwa't pagdadamayan. Sa ibang salita, hindi tulad ng apathy o depoliticization, ang pagkakawalay ay isang bukas na kondisyon at prosesong maaaring maging positibo o negatibo. Paano gagawing positibo ang isang negatibong siklo ang dapat usisain ng mga susunod na pagsusuri.

Ikalawa, maaaring siyasatin nang masinsinan ang ugnayan ng pagkakawalay pampolitika at demokratisasyon sa Pilipinas. Ang kapangyarihang politikal ba ay para lamang sa iilan? Ano ang kaugnayan ng pagkakawalay pampolitika sa patuloy na pamamayagpag ng mga oligarko sa politika? Ano ba ang tunay na halaga't papel ng eleksiyon sa demokratisasyon? Ano ang kinabukasan ng pagpoprotesta sa Pilipinas? Ang pagiging bahagi ba ng isang sistemang patron-kliyente ay isang uri ng paglapit ng mga mamamayan sa politika? Ilan ito sa mga katanungang kailangan sagutin kung magpapatuloy ang pagteorisa sa demokratisasyon habang isinasaalang-alang ang realidad ng kawalan ng kapangyarihan at pagkakawalay.

Ikatlo, ano ba ang mga katangian ng tahimik na pagkamamamayan (*silent citizenship*) sa Pilipinas? Ito ay nagmula sa akda ni Gray (474–77) na kaniyang binigyang pansin ang pagkamamamayan ng mga hindi nakikilahok sa politika. Maaaring ituring na ambag ang papel na ito sa literatura ng silent citizenship kahit na iba ang pagturing ni Gray sa political alienation. Para sa kaniya ito ay isang kondisyong labis. Ito ay taliwas sa aking balangkas na ang pagkakawalay ay isang kondisyon at proseso.

Bilang panapos, may dalawang punto akong ilalatag para sa patuloy na pagdadalumat at teorisasyon ng pagkakawalay, at para sa aksiyon ng mga nagnanais ibalik ang politika sa kamay ng mga ordinaryong mamamayan. Una, aking iginigiit na kailangang siyasatin at suriin ang mga anino ng politika sa Pilipinas sa antas ng mga mamamayan at pagkamamamayan. Kailangan ding tingnan at mas usisain nang mas malalim ang epekto nito sa pakikilahok pampolitika; sa iba't ibang uri nito at kung paano ito nakaaapekto sa kinabukasan ng demokratisasyong tila pinagkaitan ng mga aktibong mamamayan. Ikalawa, kailangang mabatid ng mga puwersang progresibo't aktibo na sila mismo ay nawalay sa mga mamamayang hindi nila kasapi at kasama. Ang pagiging sensitibo sa kalagayang ito ang magbibigay ng oportunidad para maipakita nilang may silbi't nararapat ang kanilang mga gawain. Sila'y kasama sa panoorin ng mga nawalay at kung nais nilang sumapi sa kanila ang mga nananahimik at di-aktibo, dapat nilang iaayon ang kanilang mga gawain at retorikang pampubliko sa pagpapahalaga ng mga ordinaryong Pilipino. Isa rin itong hudyat at hamon para sa mga puwersang progresibo't aktibo na alamin ang pananaw ng mga ordinaryong mamamayan sa kanila bilang mga representante at *political actor*. Kailangan nilang tanungin ang mga nasa labas ng kanilang pagkilos kung sila ba ay itinuturing na mga nararapat at akmang tulay tungo sa buhay pampubliko.

## SANGGUNIAN


Borja, Anthony Lawrence. "'Tis But a Habit in an Unconsolidated Democracy: Habitual Voting, Political Alienation and Spectatorship." *Theoria: A Journal of Social and Political Theory,* vol. 64, no. 150, 2017, pp. 19–40.

---. "Re-conceptualising Political Alienation: On Spectators, Spectacles and Public Protests." *Theoria: A Journal of Social and Political Theory* vol. 62, no. 144, 2015, pp. 40–59.

Cariño, Jovito V. "Arkitektura at Globalisasyon sa Pilipinas: Isang Pagbabaka-sakali Tungo sa Isang Kritikal na Teoryang Kultural/Architecture and Globalization in the Philippines: An Attempt at a Critical Cultural Theory." *Malay* tomo 26, blg. 2, 2014, mp. 1–11.

Constantino, Renato. *Dissent and Counter-consciousness.* Renato Constantino, 1970.

Craig, Stephen C. "Efficacy, Trust, and Political Behavior: An Attempt to Resolve a Lingering Conceptual Dilemma." *American Politics Quarterly* vol. 7, no. 2, 1979, pp. 225–239.

Curato, Nicole. "Deliberative Capacity as An Indicator of Democratic Quality: The Case of the Philippines." *International Political Science Review* vol. 36, no.1, 2015, pp. 99–116.

---. "The Philippines: An Uneven Trajectory of Deliberative Democracy." *Deliberative Democracy in Asia*, edited by Baogang He, Michael G. Breen, and James S. Fishkin, Routledge, 2022, pp. 120–135.

Dean, Dwight. "Alienation: Its Meaning and Measurement." *American Sociological Review* vol. 26, no. 5, 1961, pp. 753–758.

Debord, Guy. *The Society of The Spectacle.* Translated by Donald Nicholson-Smith, Zone Books, 1995.

Dressel, Björn. "The Philippines: How Much Real Democracy?" *International Political Science Review* vol 32, no. 5, 2011, pp. 529–545.

Finifter, Ada W. "Dimensions of Political Alienation." *American Political Science Review* vol. 64, no. 2, 1970, pp. 389–410.

Fischer, Claude. "Alienation: Trying to Bridge the Chasm." *The British journal of sociology* vol. 27, no.1, 1976, pp. 35–49.

Fishbein, Martin, and Ajzen, Icek. *Predicting and Changing Behavior: The Reasoned Action Approach*. Routledge, 2015.

---. *Belief, Attitude, Intention, and Behavior: An Introduction to Theory and Research*. Addison-Wesley Pub. Co, 1975.

Fromm, Erich. *Marx's Concept of Man.* Ungar, 1966.

Garrido, Marco. "A Conjunctural Account of Upper- and Middle-Class Support for Rodrigo Duterte." *International Sociology* vol. 35, no. 6, 2020, pp. 651–673.

Gastardo-Conaco, Ma. Cecilia, and Diwa Quiñones. "Ang Antas ng Pulitikal na Pagkilos Bilang Epekto ng Sosyal na Identitad bilang Pilipino, ng mga Representasyon Tungkol sa Demokratikong Pagkamamamayan, at ng Pulitikal na bisa." *Diwa E-Journal* tomo 3, blg. 1, 2015, 17–31.

Gozum, Iya. 'Pagod na Ako sa Inaction': How a Community Pantry Rose to Fill Gaps in Gov't Response. *Rappler*, 17 Apr. 2021.

Gray, Sean WD. "Mapping Silent Citizenship: How Democratic Theory Hears Citizens' Silence and Why It Matters." *Citizenship Studies* vol. 19, no. 5, 2015, pp. 474–491.

Guerrero, Sylvia H., and Gelia T. Castillo. "A Preliminary Study on Alienation." *Philippine Sociological Review* vol. 14, no. 2, 1966, pp. 85–93.

Liu, James H., and Cecilia Gastardo-Conaco. "Theory and Methods of A Representational Approach to Understanding Social Movements: The Role of the EDSA Revolution in a National Psychology of Protest for the Philippines." *Social Justice Research* vol. 24, 2011, pp. 168–190.

Marx, Karl. *Economic and Philosophic Manuscripts of 1844.* Translated by Martin Milligan, Dover Publications, 2007.

O'Flynn, Ian, and Nicole Curato. "Deliberative Democratization: A Framework for Systemic Analysis." *Policy Studies* vol. 36, no. 3, 2015, pp. 298–313.

Ollman, Bertell. *Alienation: Marx's Conception of Man in Capitalist Society.* Cambridge University Press, 1971.

---. *Dance of the Dialectic: Steps in Marx's Method.* University of Illinois Press, 2003.

San Juan Jr., Epifanio. "Pagsubok sa Pagbuo ng Isang Kritikang Radikal ng Neokolonyalistang Orden/ Hypothesis Toward Synthesizing A Radical Critique of the Neocolonial Order." *Malay* tomo 27, blg. 2, 2015, pp. 1–16.

Schneider, Carsten Q., and Philippe C. Schmitter. "Liberalization, Transition and Consolidation: Measuring the Components of Democratization." *Democratization* vol. 11, no. 5, 2004, pp. 59–90.

Seeman, Melvin. "On the Meaning of Alienation." *American Sociological Review* vol. 24, no. 6, 1959, pp. 783–791.

---. "Alienation Studies." *Annual Review of Sociology* vol. 1, 1975, pp. 91–123.

Southwell, Priscilla. "Political Alienation: Behavioral Implications of Efficacy and Trust in the 2008 US Presidential Election." *Review of European Studies* vol. 4, no. 2, 2012, pp. 71–77.

---. "The Effect of Political Alienation on Voter Turnout, 1964–2000." *Journal of Political & Military Sociology* vol. 36, no. 1, 2008, pp. 131–145.

Stoker, Gerry, and Mark Evans. "The "Democracy-Politics Paradox": The Dynamics of Political Alienation." *Democratic Theory* vol. 1, no. 2, 2014, pp. 26–36.

Teehankee, Julio C., and Cleo Anne A. Calimbahin. "Mapping the Philippines' Defective Democracy." *Asian Affairs: An American Review* vol. 47, no. 2, 2020, pp. 97–125.

Twining, James. "Alienation as A Social Process." *The Sociological Quarterly* vol. 21, no. 3, 1980, pp. 417–428.

Villavecer, Nick. Ana Patricia Non and A Street That Turned Into a Movement. *Rappler*, 22 Apr. 2021.

Wolfsfeld, Gadi. "Political Action Repertoires: The Role of Efficacy." *Comparative Political Studies* vol. 19, no. 1, 1986, pp. 104–129.

Yabut, Homer, Darren Dumaop, Diwa Quiñones, Jeremiah Silvestre, and Renz Montano. "Sociopsychological Factors Affecting Political Participation." *La Salle Institute of Governance*, 2023, pp. 1–20.

## (Endnotes)

1 Pagkilala: Ang datos na inusisa ng akdang ito ay nagmula sa *Asian Barometer Project* (Waves 2, 3, 4, and 5: 2005–2018) na pinamunuan nina Professor Fu Hu and Professor Yun-han Chu at nakatanggap ng suportang pinansiyal mula sa Ministry of Education ng Taiwan, Academia Sinica, at National Taiwan University. Ang Asian Barometer Project Office (www.asianbarometer.org) ang may tanging responsabilidad sa pagpapakalat ng datos at ako'y nagpapasalamat sa kanilang tulong. Ang mga pananaw sa akdang ito ay sa akin lamang.

2 Kailangang kilalanin ang akda nina Guerrero at Castillo noong 1966 na pinamagatang *A Preliminary Study on Alienation* ukol sa kondisyong panlipunan-sikolohikal ng mga Pilipino. Ito ang pinakamatandang akda at sistematikong pagsisiyasat na nasagap ng aking rebyu. Sa kasamaang palad, napag-iwanan ito ng panahon at lumalabas na ang mga sumunod na akdang maihahalintulad sa uri ng kanilang pagsisiyasat ay ang sa aking mga sariling akda noong 2010s.

3 Ang *Asia Barometer Surveys* ay ginawa ng SWS nang may sample size na N = 1200 (Margin of Error ± 3) na kinuha sa pamamagitan ng multi-stage random sampling. Ang mga survey na ito ay isinagawa noong 2005 (Wave 2), 2010 (Wave 3), 2014 (Wave 4), at 2018 (Wave 5). Ang mga tanong ay isinalin sa Filipino ng SWS bago nila ito ginamit. Sakop nito ang krisis pampolitika na kinaharap ng administrasyong Arroyo, ang matatawag na muling pagbabalik ng EDSA regime sa ilalim ni Benigno Aquino III at ang pagbagsak nito sa ilalim ni Rodrigo Duterte. Masasabi na kahit ano ang direksiyon na pinatunguhan ng mga institusyon ng estado sa Pilipinas, hindi nagbabago ang pagkakawalay pampolitika ng mga Pilipino; isang manipestasyon, bunga, at/o sanhi ng mga depekto sa demokratisasyon sa Pilipinas.